# Ang Talinghaga tungkol sa Mga Talento

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Basahin ang Mateo 25:14–30. Ang sumusunod na impormasyon ay maaaring makatulong habang pinag-aaralan mo ang talinghagang ito:

- Ang "talento" ay tumutukoy sa isang napakalaking halaga ng salapi noong unang panahon. Sa talinghagang ito, maaari itong sumagisag sa "isang bagay na may malaking kahalagahan," tulad ng ebanghelyo o mga pagpapala, kaloob, kakayahan, at oportunidad na ibinibigay sa atin ng Panginoon (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Talento," scriptures.ChurchofJesusChrist.org).
- Ang katagang "pakinabang" ay maaaring tumukoy sa simpleng pagpapatong ng interes sa isang pautang o maaaring magpahiwatig ng masyadong mataas na interes (tingnan sa Bible Dictionary, "Usury").
- Ang panginoon ay sumasagisag kay Jesucristo.
- Ang mga alipin ay kumakatawan sa bawat isa sa atin.

Gumuhit ng larawan na naglalarawan sa talinghagang ito.

# Ang Talinghaga tungkol sa Mga Tupa at mga Kambing

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Basahin ang Mateo 25:31–46 . Maaaring makatulong na malaman ang sumusunod na impormasyon habang pinag-aaralan mo ang talinghagang ito:

- Ang "kanan": Noong unang panahon, ang maupo sa kanan ng hari, o sa tabi ng hari sa kanyang kanang bahagi, ang pinakamarangal na posisyon sa isang piging.

Gumuhit ng larawan na naglalarawan sa talinghagang ito.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *The Parable of the Talents; The Parable of the Sheep and the Goats.* Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.